



Easter Weekend 2022 sa Brampton

BRAMPTON, ON (Abril 11, 2022) – Sa taon na ito, magaganap ang Biyernes Santo sa Biyernes, Abril 15, at ang Lunes ng Pagkabuhay ay magaganap sa Lunes, Abril 18.

Ang lahat ng essential at napakahalagang mga serbisyo, kabilang ang Fire and Emergency Services, Traffic Services, By-Law Enforcement, Road Operations, at Security Services ay patuloy na tatakbo gaya ng dati para suportahan ang komunidad.

Maaaring tumawag ang mga residente sa 311 o 905.874.2000 (sa labas ng Brampton), gamitin ang Brampton 311 app (available sa App Store o Google Play), bisitahin ang www.311brampton.ca o mag-email sa 311@brampton.ca para sa anumang mga tanong. Available kami 24/7 para sa anumang mga usapin ng Lungsod ng Brampton at ng Rehiyon ng Peel.

Brampton Transit

Tatakbo ang Brampton Transit sa loob ng sumusunod na mga antas ng serbisyo mula Abril 15 hanggang 18.

Biyernes, Abril 15 (Biyernes Santo)

Tatakbo sa iskedyul ng Linggo/Holiday.

Sarado ang mga counter ng Customer Service sa mga terminal. Pwedeng makatulong ang Contact Centre mula 9 am hanggang 6 pm.

Sabado, Abril 16

Tatakbo sa iskedyul ng Sabado.

Bukas ang mga counter ng Customer Service sa mga terminal sa regular na mga oras. Pwedeng makatulong ang Contact Centre mula 7 am hanggang 7 pm.

Linggo, Abril 17 (Linggo ng Pagkabuhay)

Tatakbo sa iskedyul ng Linggo/Holiday.

Sarado ang mga counter ng Customer Service sa mga terminal. Pwedeng makatulong ang Contact Centre mula 9 am hanggang 6 pm.



Lunes, Abril 18 (Lunes ng Pagkabuhay)

Tatakbo sa iskedyul ng regular na weekday (Lunes-Biyernes).

Bukas ang mga counter ng Customer Service sa mga terminal sa regular na mga oras. Pwedeng makatulong ang Contact Centre mula 7 am hanggang 9 pm.

Patuloy na kakailanganin ang mga mask sa lahat ng bus ng Brampton Transit at sa mga terminal ng Brampton Transit kaayon sa [mga regulasyon ng Lalawigan](#). Nananatiling ginagawa ang paglilinis at pagsa-sanitize, at pinupunasan ang mga pasilidad at mga terminal na amy matitigas na ibabaw.

Bisitahin ang www.bramptontransit.com o sundan ang [@bramptontransit sa](#) Twitter para sa mga update sa serbisyo. Maaaring ipaabot ang mga tanong sa Contact Centre ng Brampton Transit sa 905.874.2999.

Brampton Recreation

Ang mga Centre ng Brampton Recreation ay bukas sa ilalim ng binawasang iskedyul sa loob ng mahabang weekend ng Easter. Makikita [dito](#) ang mga oras sa holiday.

Bunny EGGScitement

Ipagdiwang ang pagdating ng spring kasama ang Bunny EGGScitement sa Abril! Ito ay walang bayad, nakakabuti sa pamilya na event kabilang ang meet and greet kasama ang Easter Bunny, airbrush tattoos, games at mga aktibidad, isang scavenger hunt at masarap na treat para mag-enjoy sa bahay.

Bisitahin ang www.brampton.ca/recreation para sa mas maraming impormasyon tungkol sa mga aktibidad ng Bunny EGGScitement.

Brampton Library

Sarado ang mga sangay ng Brampton Library sa Abril 15 at Abril 17.

Sumama sa amin online sa www.bramptonlibrary.ca para humiram ng mga e-book at audiobook, mag-stream ng telebisyon at pelikula, mag-access sa malawak na hanay ng pang-edukasyon, creative, at propesyonal na digital learning platforms, at mas marami pa. Mag-register para sa mga birtwal na programa para sa lahat ng edad at interes sa pamamagitan ng ating [calendar of events](#) at [mag-subscribe sa ating mga email update](#). Sundan kami sa [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#), at [LinkedIn](#). At siguruhin ang pagdownload ng Brampton Library mobile app sa iOS at Google Play. [Mag-click dito para sa mas maraming detalye](#)



[tungkol sa ating app.](#) Upang [makipag-live chat sa isang staff, o Magtanong, bisitahin ang ating website.](#)

Brampton Animal Services

Ang Brampton Animal Shelter ay sarado sa Abril 15, Abril 17, at Abril 18. Magbubukas ang shelter mula 10 am hanggang 4 pm, sa pamamagitan ng appointment lamang, sa Abril 16.

Ang Animal Control ay nasa daan sa Lunes hanggang Biyernes mula 7 am hanggang 10 pm, at sa Sabado, Linggo at mga holiday mula 8 am hanggang 6:30 pm. Sa labas ng mga oras na ito, tutugon lamang ang Animal Control sa mga emergency.

Mga Paalala ng Peel Public Health para sa Weekend ng Pagkabuhay

Habang patuloy na umiikot ang COVID-19 sa ating komunidad, mahalagang tandaan na ang mga pamamaraan ng public health ay ang ating pinakamagandang depensa laban sa virus. Walang isang bagay na mag-isa ang 100% may bisa sa pagpigil ng pagkalat ng COVID-19 ngunit ang pagsunod sa mga pamamaraan ng public health ay nagbibigay ng pinakamagaling na proteksyon. Kabilang sa mga layer ng proteksyon ang:

- Pagpapabakuna.
- Pananatili sa bahay kapag may sakit.
- Madalas na paghuhugas ng iyong mga kamay.
- Pagsasagawa sa wastong kilos sa respiratoryo sa pamamagitan ng pagtatakip sa pag-ubo at pagbahing.
- Paggamit ng de-kalidad na mask kapag kailangan.

Para sa karagdagang impormasyon kung paano at saan i-book ang iyong bakuna sa COVID-19 sa Peel, bisitahin ang peelregion.ca/coronavirus/vaccine/.

Ingatan ang isa't isa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga panuntunan ng lalawigan sa [Planong Ligtas na Muling Buksan ang Ontario](#) nito.

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng
Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca